Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Pagtutok sa demensya

## Gumagawa kami ng mga pagbabago upang pagbutihin ang suporta para sa mga taong may demensya sa bawat yugto ng kanilang pangangalaga

Marso 2025

# Reporma sa Pangangalaga sa Nakatatanda

Gumagawa ng positibong pagbabago ang Pamahalaan ng Australya sa aged care (pangangalaga sa nakatatanda). Ang mga pagbabagong ito - na kilala bilang mga reporma sa aged care - ay magpapabuti sa aged care sa Australya ngayon at sa hinaharap.

Marami sa mga repormang ito ay tugon sa mga rekomendasyon ng Royal Commission into Aged Care Quality and Safety [Royal Commission hinggil sa Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care]. Ang aming pangarap ay magbigay ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga na nakasentro sa mga nakatatanda, kung saan at kailan nila ito kailangan.

Sa pamamagitan ng mga reporma, makakakuha ng kinakailangang suporta ang mga taong may demensya at ang kanilang mga tagapag-alaga pagkatapos ng diyagnosis, upang makapanirahan sila sa kanilang tahanan nang mas matagal at makakuha ng mga serbisyo sa aged care na may mataas na kalidad, kasanayan, at kaalaman sa demensya.

Kasama sa mga pagbabago ang mga lokal na pathway ng pangangalaga sa demensya upang suportahan ang mga GP referral, dementia training para sa mga GP at mga nagtatrabaho sa aged care, mas maraming suporta at serbisyong outreach sa mga unang yugto, pansamantalang pag-aalaga (respite) at edukasyon para sa mga tagapag-alaga, disenyo ng mga gusali na angkop sa demensya, at pagbabawas ng paggamit ng mga restraint.

## Demensya sa Australya

Mahigit 400,000 na mga Australyano ang may demensya

Ang demensya ang #1 na sanhi ng kamatayan para sa mga babae

Ang demensya ang #2 na sanhi ng kamatayan sa Australia sa pangkalahatan, kasunod ng sakit sa puso

Ang mga taong na-oospital dahil sa demensya ay nananatili ng 5 beses na mas matagal kaysa sa karaniwang tagal ng pananatili sa ospital

Halos 2/3 ng mga Australyano na may demensya ay mga babae

Mahigit sa kalahati ng mga nakatatanda sa mga bahay-alagaan ay may demensya

# Mga Inisyatiba at Programa

## National Dementia Support Program

Ang National Dementia Support Program [Pambansang Programa ng Suporta para sa Demensya] ay naglalayong tulungan ang mga taong may demensya o

nakakaranas ng pag-urong ng isipan, ang kanilang mga tagapag-alaga at mga suportang network, upang mas maunawaan nila ang demensya at masuportahan sila sa pamamagitan ng:

- pagbibigay kapangyarihan sa kanila na makagawa ng mga may kaalamang desisyon tungkol sa mga serbisyong suporta na kanilang kailangan
- pagkokonekta sa kanila sa mga angkop na serbisyo upang makayanan nilang mamuhay nang mag-isa at maayos kahit may demensya hangga't maaari.

Ang National Dementia Support Program ay nag-aalok ng suporta sa pamamagitan ng pagpapayo, edukasyon, mga webinar, espesyal na tulong para sa mga mahihinang komunidad, at isang online na serbisyo ng aklatan.

Ang suporta ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng **National Dementia Helpline [Pambansang Linya ng Tulong sa Demensya]**, isang libre at kumpidensyal na serbisyo sa telepono at email na nagbibigay ng impormasyon at suporta.

Maaaring kontakin ang helpline sa **1800 100 500** (24/7, 365 araw-araw, buong taon) o sa pamamagitan ng pag-email sa **helpline@dementia.org.au**

## Dementia Friendly Communities

Layunin ng programang Dementia Friendly Communities [Mga Komunidad na may Malasakit sa Demensya] na mabawasan ang negatibong pagtingin sa demensya at mapataas ang pag-unawa, kamalayan, at pagtanggap sa demensya sa komunidad. Kasama sa programang Dementia Friendly Communities ang mga sumusunod na mahahalagang bahagi:

- Ang Dementia Friends [Mga Kaibigan ng Demensya] at Dementia Friends Hosts [Mga Host ng mga Kaibigan ng Demensya] na binigyang-kaalaman at kakayahan upang magsagawa ng mga sesyon sa pagpapataas ng kamalayan sa kanilang sariling mga komunidad
- Ang Dementia Alliances [Mga Alyansa ng Demensya], mga likas-kayang grupo ng mga lokal na mamamayan na bumubuo ng mga plano ng aksyon upang matulungan ang kanilang mga komunidad na magkaroon ng malasakit sa mga taong may demensya
- Ang Community Engagement Grants [Mga Grant para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad] ay para sa mga lokal na proyekto na humihikayat ng pagsasama at aktibong partisipasyon ng mga taong may demensya sa kanilang mga komunidad
- Tulong para sa mga organisasyon ng komunidad at mga negosyo upang maging mas inklusibo sa mga taong may demensya at makilala bilang may malasakit sa demensya.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa **[health.gov.au/our-work/dementia-friendly-communities](health.gov.au/our-work/dementia-friendly-communities)**

## Mga pathwway ng suporta para sa demensya mula sa Primary Health Networks

Ang mga Primary Health Networks [Mga Network ng Pangunahing Kalusugan] ay nakabuo ng mga lokal na landas ng suporta para sa demensya, na tumutulong sa mga GP na ikonekta ang mga taong may demensya sa karagdagang klinikal at lokal na suporta na kanilang kailangan.

Ang mga landas ng suporta na partikular sa demensya ay tumutulong sa mga health professional na mas mabigyan ng suporta ang mga pasyente sa lahat ng yugto ng diyagnosis at pangangalaga ng demensya.

Kasama sa mga landasin ang:

- mga rekomendasyon para sa mas espesyalistang pagtatasa at mga serbisyo ng diyagnosis kung kinakailangan
- mga rekomendasyon para sa mga serbisyo at suporta pagkatapos ng diyagnosis para sa mga taong may demensya, kanilang mga tagapag-alaga, at mga pamilya.

Ang mga Primary Health Networks at Dementia Australia ay nakabuo ng mga mapagkukunan ng impormasyon para sa mga taong may demensya, kanilang mga tagapag-alaga, at mga suporta na makakatulong upang maunawaan kung anong mga tulong at serbisyo ang mayroon sa kanilang lugar.

## Pagsubaybay ng mga datos ukol sa demensya

Ang National Centre for Monitoring Dementia [Pambansang Sentro para sa Pagsubaybay sa Demensya], na matatagpuan sa Australian Institute for Health and Welfare ay:

- nagsasagawa ng regular na pagsubaybay ng demensya sa Australya
- tinutugunan ang mga umiiral na kakulangan sa mga datos
- binibigyan ng impormasyon ang mga partikular na pangangailangan sa patakaran para sa mga Australyanong may demensya.

Ang mga bagong datos ay makukuha na ngayon tungkol sa:

- demensya na may mas maagang pagsisimula
- kalusugan ng kaisipan ng mga taong may demensya
- ugnayan ng health at aged care para sa mga taong may demensya.

## Misyon sa Demensya, Pagtanda, at Pangangalaga sa Nakatatanda

Ang Dementia, Ageing and Aged Care Mission [Misyon sa Demensya, Pagtanda, at Pangangalaga sa Nakatatanda] ay isang inisyatiba ng Medical Research Future

Fund. Sa ilalim ng 10-taong plano ng pamumuhunan, $185 milyon ang ilalaan sa pananaliksik mula 2018–19 hanggang 2028–29. Ang pananaliksik na ito ay susuporta sa mga nakatatandang Australyano upang mapanatili ang kanilang kalusugan at kalidad ng buhay, mamuhay nang mag-isa nang mas matagal, at makakuha ng pangangalaga kapag kinakailangan.

## National Dementia Action Plan

Ang National Dementia Action Plan 2024–2034 (Action Plan) [Pambansang Plano ng Aksyon para sa Demensya (Plano ng Aksyon)] ay isang pinagsamang 10-taong inisyatiba ng Pamahalaang Australyano at mga pamahalaan ng estado at teritoryo. Ito ay naglalaman ng 8 mataas na antas ng mga aksyon na naglalayong pataasin ang kamalayan tungkol sa demensya, bawasan ang panganib ng demensya sa populasyon, at magtaguyod ng mas maayos na mga serbisyo para sa mga taong may demensya, sa kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, sa buong Australia.

Ang progreso laban sa Action Plan [Plano ng Aksyon] ay susubaybayan at ire-report taun-taon sa pamamagitan ng dashboard ng mga indikator ng National Dementia Action Plan na binuo ng Australian Institute of Health and Welfare.

Ang Action Plan ay nagbibigay ng pagkakataon na magdulot ng tunay at pangmatagalang positibong pagbabago upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga tao sa Australya na may demensya.

Para malaman ang higit pa, bisitahin ang **health.gov.au/our-work/national-dementia-action-plan**

## Mga suporta sa pag-uugali ng mga taong may demensya

Ang mga estratehiya sa suporta sa pag-uugali na nakatutok sa tao ay maaaring magdulot ng mas magagandang resulta para sa mga taong may demensya at sa mga nag-aalaga sa kanila. Ang mga libreng serbisyo sa suporta sa pag-uugali ng demensya ay nagbibigay ng karagdagang espesyalisado at personalisadong tulong sa mga pamilya, tagapag-alaga, at mga nagtatrabaho para sa health at aged care, kung saan ang mga sintomas ng pag-uugali at sikolohikal ng demensya ay may epekto sa pangangalaga ng isang taong may demensya.

Ang mga serbisyo sa suporta sa pag-uugali ng demensya ay kasalukuyang ibinibigay ng Dementia Support Australia at maaaring makontak ang kanilang helpline 24/7 sa **1800 699 799** o sa pagbisita sa **dementia.com.au**

### Dementia Behaviour Management Advisory Service

Ang Dementia Behaviour Management Advisory Service [Serbisyong Pagpapayo sa Pamamahala ng Pag-uugali ng Demensya] ay nagbibigay ng suporta at payo kapag ang mga banayad hanggang katamtamang sintomas ng pag-uugali at sikolohikal na epekto ng demensya ay nakakaapekto sa pangangalaga o kalidad ng buhay ng

isang tao. Ang mga sinanay na consultant ay nagtatrabaho sa anumang kapaligiran (kabilang ang komunidad, residential aged care at healthcare), saan man sa Australya (kabilang ang mga kanayunan at malalayong lokasyon), anuman ang edad ng taong may demensya. Ang kanilang mga tungkulin ay para:

- suportahan ang mga service provider at mga indibidwal na nag-aalaga sa mga taong may demensya
- tulungan ang mga provider ng serbisyo at mga tagapag-alaga na maunawaan ang mga sanhi at/o mga mitsa (trigger) ng mga pag-uugali
- tumulong sa mga provider at mga carer na bumuo ng mga estratehiyang magpapahusay sa paggalaw, magpapabawas ng pananakit, susuporta sa iba pang hindi natutugunang pangangailangan, at magpapabuti sa pakikilahok.

### Mga Pangkat na Tumutugon sa Matinding Pag-uugali

Maaaring humiling ng tulong mula sa Mga Pangkat na Tumutugon sa Matinding Pag-uugali ang mga aprubadong residential aged care provider upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may matitinding pag-uugali at sikolohikal na sintomas ng demensya.

Makikipagtulungan ang Mga Pangkat na Tumutugon sa Matinding Pag-uugali sa care network upang:

- unawain ang mga sanhi ng pagbabago sa pag-uugali at bumuo ng mga plano ng pangangalagang angkop sa indibidwal na maaaring gamitin upang bigyang kaalaman ang mga plano sa pagsuporta ng pag-uugali
- dagdagan ang kaalaman ng mga kawani sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga estratehiya bilang halimbawa
- magbigay ng patuloy na gabay sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon.

## Espesyalistang pangangalaga para sa may demensya

Ang Specialist Dementia Care Program [Espesyalistang Programa para sa Pangangalaga sa mga may Demensya] ay nagbibigay ng suporta sa mga taong may matinding pag-uugali at sikolohikal na mga sintomas dulot ng demensya, kung saan ang kanilang mga pangangailangan ay hindi na kayang tugunan ng karaniwang pasilidad para sa residential aged care. Ang programa ay nagbibigay-daan sa espesyalistang pangangalaga para sa mga taong may demensya sa mga sitwasyong kung saan:

- ang tao ay may napakalalang demensya na pinapalala ng pisikal na agresyon o iba pang mga pag-uugali
- ang pasilidad ng residential care ng tao o ang mga tagapag-alaga ay hindi kayang pamahalaan ang mga pag-uugali, kahit na may tulong mula sa iba pang mga serbisyo.

Ang pangangalaga ng maliit na grupo (small group care) ay ibinibigay sa kapaligirang tulad ng sa cottage at sa kapaligirang mapagmalasakit sa mga may demensya, kung saan ang mga taong may demensya ay tumatanggap ng:

- pangangalagang angkop sa tao at nakatutok sa layunin mula sa mga kawani na may pagsasanay sa demensya
- suporta mula sa mga espesyalistang serbisyong klinikal.

Ang Specialist Dementia Care Program ay isang pansamantalang programa na naglalayong pababain o pahupain ang mga sintomas ng pag-uugali ng demensya sa loob ng 12 buwan, sa karaniwan.

Ang programa ay naglalayong makipagtulungan sa mga provider ng residential aged care upang:

- magbigay ng suporta para sa mga may demensya upang makapag-transisyon papasok at palabas ng residential care ayon sa pangangailangan
- bumuo ng pinakamahusay na kasanayan sa pangangalaga, nang hindi gumagamit ng mga pamigil (restraints), sa isang kapaligiran na may malasakit sa may demensya
- suportahan ang mga tao na lumipat sa mga pangangalagang hindi gaanong masinsinan (less intensive) kapag hindi na nila kailangan ng pangangalaga mula sa programa
- makipagtulungan sa mga serbisyo ng gobyerno ng estado at teritoryo pati na rin sa mga serbisyo ng suporta sa pag-uugali
- pahusayin ang kalidad ng buhay ng mga taong may napakatinding pag-uugali at sikolohikal na mga sintomas dulot ng demensya.

Upang alamin ang higit pa, bisitahin ang **health.gov.au/our-work/specialist-dementia-care-program-sdcp**

## Hospital to Aged Care Dementia Support Program

Ang Hospital to Aged Care Dementia Support Program [Programa ng Suporta mula Ospital Hanggang Aged Care para sa Demensya] ay tumutulong sa mga nakatatandang may demensya na mag-transisyon mula sa ospital papunta sa residential aged care o sa kanilang tahanan na may suporta mula sa aged care. Sinusuportahan ng programa ang mga kawani ng ospital at pangangalaga sa nakatatanda, ang mas nakatatandang tao, at ang kanilang pamilya o mga tagapag-alaga:

- habang sila ay nasa ospital
- kapag nagtatransisyon mula sa ospital
- kasunod ng paglabas mula sa ospital at pagpasok sa isang suportadong kapaligiran ng pangangalaga sa nakatatanda sa loob ng hanggang 3 buwan.

Ang Dementia Support Australia ay nagsasagawa ng programa sa ngalan ng Pamahalaang Australyano sa 11 lokasyon, na may presensya sa bawat estado at teritoryo. Maaaring irekomenda ng mga kawani sa mga kalahok na ospital ang mga kwalipikadong pasyente ng ospital sa programa. Para alamin ang higit pa, bisitahin ang **health.gov.au/our-work/hacdsp**

## Pagsasanay sa demensya

Ang Dementia Training Australia ay nagpapataas ng kasanayan ng mga nagtatrabaho sa pangangalaga sa nakatatanda at sa kalusugan sa pangangalaga sa demensya sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng pagsasanay at mga mapagkukunan ng impormasyon, kabilang ang:

- mga akreditadong kurso ng pagsasanay sa pangangalaga sa demensya sa antas ng bokasyonal na libre para sa mga kwalipikadong nagtatrabaho sa pangangalaga
- tuloy-tuloy na pagsasanay para sa propesyonal na pag-unlad hinggil sa pagtatasa, diyagnosis, at pamamahala ng demensya para sa mga doktor (GPs), nars, parmasyutiko, sikologo, espesyalista, mga propesyonal sa allied health, at iba pang kaugnay na mga propesyonal
- pagsasanay sa mismong lugar para sa mga aged care provider, kabilang ang, kung kinakailangan, pagsusuri sa mga kasanayan sa demensya at kapaligiran, kasunod ng inangkop na pakete ng pagsasanay
- mga komunidad ng kasanayan at mga pagkakataon para sa abanseng pagsasanay upang matulungan ang mga lider sa pangangalaga sa demensya na magbahagi at magpatibay ng pinakamahuhusay na kasanayan at magtatag ng lokal na pamumuno sa pangangalaga sa demensya para sa mga nagtatrabaho sa personal na pangangalaga
- isang online na portal para sa pagsasanay upang suportahan ang paghahatid ng pagsasanay nang harapan.

Ang bagong National Dementia Training and Education Standards Framework [Pambansang Balangkas ng mga Pamantayan para sa Pagsasanay at Edukasyon sa Demensya] ay nagbibigay ng komprehensibong gabay upang maunawaan ang mga pangunahing larangan ng pagkatuto at mga inaasahang resulta mula sa edukasyon sa demensya sa malawak na hanay ng mga kapaligiran ng edukasyon.

Ang framework ay sumusuporta sa mga madaling ma-access at pare-parehong mga landas ng edukasyon at pagsasanay upang matulungan ang mga gumagamit na mag-navigate sa pagsasanay sa demensya at makahanap ng mataas na kalidad na pagsasanay na nakatutok sa kanilang mga partikular na pangangailangan sa pagkatuto.

Magagamit din ang karagdagang pagsasanay sa pamamahala ng mga pagbabago sa pag-uugali. Kasama rito ang Toolkit sa Pagbabago ng Pag-uugali, na nakatuon sa pinakamahuhusay na pamamaraan ng pag-aalaga na may diin sa taong nasa likod ng pag-uugali, pati na rin sa mga partikular na pagbabago sa pag-uugali at mga sikolohikal na sintomas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasanay, edukasyon, at mga mapagkukunan ng impormasyon, tumawag sa **1300 229 092** o bisitahin ang **dta.com.au**

## Pagpapabuti ng respite care para sa mga taong may demensya at kanilang mga tagapag-alaga

Layunin ng programang ito na suportahan ang mga tagapag-alaga at pamilya na nag-aalaga sa isang taong may demensya sa pamamagitan ng pag-access sa mga serbisyo ng respite support na partikular para sa demensya, na nagpapabuti ng:

- kalidad at karanasan ng respite care para sa taong may demensya at kanilang mga tagapag-alaga
- kalusugan at kapakanan ng tagapag-alaga
- pagpaplano ng pangangalaga para sa mga taong may demensya at kanilang mga tagapag-alaga at pagpapabuti ng mga pagtransisyon mula sa kanilang tahanan at lugar ng respite.

Nagsimula na ang programa sa lahat ng estado at teritoryo, at nag-aalok ng:

- edukasyon at kalusugan ng tagapag-alaga
- mga makabagong pamamaraan upang mapabuti ang kalidad at karanasan ng respite care para sa mga taong may demensya
- pinahusay na pagpaplano ng respite care para sa mga taong may demensya
- pinalakas na kakayahan ng mga provider ng aged care na maghatid ng may-kalidad na respite care na partikular para sa demensya.

Sa ilalim ng programang ito, ang University of Tasmania, na sinusuportahan ng Dementia Support Australia, ay nag-aalok din ng pagsasanay sa mga nagtatrabaho sa aged care upang mapabuti ang kanilang pag-unawa sa mga pangangailangan ng respite ng mga taong may demensya at kanilang mga tagapag-alaga.

Ang Dementia Respite Education and Mentoring (DREAM) [Edukasyon, Gabay at Respite para sa Tagapag-alaag ng may Demensya] project ay gumagamit ng isang bago, makabago, at nai-aangkop na pamamaraan sa pagsasanay para sa respite, na nag-aalok ng Community of Practice at coaching para sa aged care provider.

Upang alamin ang higit pa, bisitahin ang **health.gov.au/our-work/improving-respite-care-for-people-living-with-dementia-and-their-carers**

## National Aged Care Design Principles and Guidelines

Noong ika-1 Hulyo 2024, ipinakilala ng Pamahalaang Australyano ang National Aged Care Design Principles and Guidelines [Pambansang Prinsipyo at Patnubay sa Disenyo ng Pangangalaga sa Nakatatanda] upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga nakatatandang naninirahan sa residential aged care.

Ang mga Prinsipyo at Patnubay ay susuporta sa mga nakatatanda na naninirahan sa mga aged care homes sa pamamagitan ng paghikayat sa mga aged care provider at mga eksperto sa disenyo na lumikha ng mga kapaligirang mas katulad ng tahanan. Makikinabang ang mga nakatatanda, lalo na ang mga may demensya, mula sa maayos na dinisenyong akomodasyon na lumilikha ng pakiramdam ng tahanan, nagbibigay ng access sa kapaligiran, at nag-uugnay sa komunidad.

Ang mga Prinsipyo at Patnubay ay makakatulong sa paglikha ng mga kapaligiran na:

- nagpapanatili ng kalusugan at kapakanan ng isang tao
- sumusuporta sa matatag na identidad, dangal, at pagiging kaanib
- tumutulong sa mga tao na manatiling independyente habang sila ay tumatanda.

Upang alamin ang higit pa, bisitahin ang **health.gov.au/our-work/improving-accommodation-in-residential-aged-care**

## Karagdagang impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa mga ginagawa namin upang suportahan ang mga taong may demensya, kanilang mga tagapag-alaga at pamilya sa pamamagitan ng pagbisita sa **health.gov.au/dementia**

# Sama-sama nating baguhin ang pangangalaga sa nakatatanda

Kami ay nakikipagtulungan sa mga nakatatanda, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, at sa sektor ng aged care upang lumikha ng mas mabuting mga serbisyo sa aged care at mas mataas na pamantayan ng pangangalaga para sa mga nakatatanda sa Australya.

Libu-libong mga tao ang naging bahagi ng paghubog ng mga reporma sa ngayon sa pamamagitan ng mga survey, webinar, online workshop, mga papel ng konsultasyon, at mga harapang kaganapan.

Maraming pagkakataon para sa mga aged care provider at mga aged care worker na ipahayag ang kanilang opinyon tungkol sa mga pagbabago sa aged care:

- Sumali sa aming mailing list at manatiling updated tungkol sa mga isyung nakakaapekto sa sektor ng aged care sa **health.gov.au/aged-care-newsletter-subscribe**